# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 8. Ang higit pang Pagkatakot sa Dios*

***"12 At ngayon, Israel, ano ang hinihingi sa iyo ng Panginoon mong Dios, kundi matakot ka sa Panginoon mong Dios, lumakad ka sa lahat ng kaniyang mga daan, at ibigin mo siya, at paglingkuran mo ang Panginoon mong Dios, ng buong puso mo at ng buong kaluluwa mo." (Deutronomio 10:12 KJV)***

Ang pagkatakot sa Dios ay mahalaga upang tulungan tayo na manindigan sa gawa ng Diablo na ginagawa niya laban sa atin. Si Job ay mabuting halimbawa ng isang taong natatakot sa Dios, ***"1 May isang lalake sa lupain ng Uz, <u>na ang pangalan ay Job; at ang lalaking yaon ay sakdal at matuwid, at natatakot sa Dios</u>, at humihiwalay sa kasamaan. 2 At may ipinanganak sa kaniya na pitong anak na lalake at tatlong anak na babae. 3 Ang kaniyang pag-aari naman ay pitong libong tupa, at tatlong libong kamelyo, at limang daang magkatuwang na baka, at limang daang asnong babae, at isang totoong malaking sangbahayan; na anopa't ang lalaking ito ay siyang pinaka dakila sa lahat na mga anak ng silanganan. 6 Isang araw nga nang ang mga anak ng Dios ay magsiparoon na magsiharap sa Panginoon, na si Satanas ay naparoon din naman na kasama nila. 7 At sinabi ng PANGINOON kay Satanas, Saan ka nanggaling? Nang magkagayo'y sumagot si Satanas sa PANGINOON, at nagsabi, Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pagmamanhik manaog doon. 8 <u>At sinabi ng PANGINOON kay Satanas, Iyo bang pinansin ang aking lingkod na si Job? sapagka't walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalake, na natatakot sa Dios at humihiwalay sa kasamaan. 9 Nang magkagayo'y sumagot si Satanas sa PANGINOON, at nagsabi, Natatakot ba ng walang kabuluhan si Job sa Dios? 10</u> Hindi mo ba kinulong siya, at ang kaniyang sangbahayan, at ang lahat niyang tinatangkilik, sa bawa't dako? iyong pinagpala ang gawa ng kaniyang mga kamay, at ang kaniyang pag-aari ay dumami sa lupain. 11 Nguni't pagbuhatan mo siya ng iyong kamay ngayon, at galawin mo ang lahat niyang tinatangkilik, at itatakuwil ka niya ng mukhaan, 12 At sinabi ng PANGINOON kay Satanas, Narito, lahat niyang tinatangkilik ay nangasa iyong kapangyarihan; siya lamang ang huwag mong pagbuhatan ng iyong kamay. Sa gayo'y lumabas si Satanas na mula sa harapan ng PANGINOON. 13 At nangyari isang araw, nang ang kaniyang mga anak na lalake at babae ay nagsisikain at nagsisiinom ng alak sa bahay ng kanilang kapatid na panganay. 14 Na dumating ang isang sugo kay Job, at nagsabi, Ang mga baka ay nagsisipagararo, at ang mga asno ay nagsisisabsab sa siping nila:15 At dinaluhong ng mga Sabeo, at pinagdadala; oo, kanilang pinatay ng talim ng tabak ang mga bataan; at ako lamang ang nakatanang magisa upang magsaysay sa iyo. 16 Samantalang siya'y nagsasalita pa, ay dumating naman ang iba, at nagsabi, Ang apoy ng Dios ay nalaglag mula sa langit, at sinunog ang mga tupa, at ang mga bataan, at pinagsupok; at ako lamang ang nakatanang magisa upang magsaysay sa iyo. 17 Samantalang siya'y nagsasalita pa, ay dumating naman ang iba, at nagsabi, Ang mga Caldeo ay nagtatlong pulutong, at dumaluhong sa mga kamelyo, at pinagdadala, oo, at pinatay ng talim ng tabak ang mga bataan; at ako lamang ang nakatanang magisa upang magsaysay sa iyo.18 Samantalang siya'y nagsasalita pa, ay dumating naman ang iba, at nagsabi, Ang iyong mga anak na lalake at babae ay nagsisikain at nagsisiinom ng alak sa bahay ng kanilang kapatid na panganay:19 At, narito, dumating ang malakas na hangin na mula sa ilang, at hinampas ang apat na sulok ng bahay, at lumagpak sa mga binata, at sila'y nangamatay; at ako lamang ang nakatanang magisa upang magsaysay sa iyo. 20 Nang magkagayo'y bumangon si Job, at hinapak ang kaniyang balabal, at inahitan ang kaniyang ulo, at nagpatirapa sa lupa at sumamba; 21 At sinabi niya, Hubad akong lumabas sa bahay-bata ng aking ina, at hubad na babalik ako roon: ang PANGINOON ang nagbigay, at ang PANGINOON ang nagalis; purihin ang pangalan ng PANGINOON. 22 Sa lahat ng ito ay hindi nagkasala si Job, ni inari mang mangmang ang Dios." (Job 1:1-3, 6-22) "1 Nangyari uli na sa araw nang pagparoon ng mga anak ng Dios upang magsiharap sa PANGINOON, na nakiparoon din si Satanas, upang humarap sa PANGINOON. 2 At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Saan ka nanggaling? At si Satanas ay sumagot sa PANGINOON, at nagsabi, Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pagmamanhik manaog doon. 3 <u>At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Iyo bang pinansin ang aking lingkod na si Job? sapagka't walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalake, na natatakot sa Dios, at humihiwalay sa kasamaan: at siya'y namamalagi sa kaniyang pagtatapat, bagaman ako'y kinilos mo laban sa kaniya, upang ilugmok siya ng walang kadahilanan</u>. 4 At si Satanas ay sumagot sa PANGINOON, at nagsabi, Balat kung balat, oo, lahat na tinatangkilik ng tao ay ibibigay dahil sa kaniyang buhay. 5 Nguni't pagbuhatan mo ngayon ng iyong kamay, at galawin mo ang kaniyang buto at ang kaniyang laman, at kaniyang itatakuwil ka ng mukhaan. 6 At ang PANGINOON ay nagsabi kay Satanas, Narito, siya'y nasa iyong kamay; ingatan mo lamang ang kaniyang buhay. 7 Sa gayo'y umalis si Satanas mula sa harapan ng PANGINOON, at pinasibulan si Job ng mga masamang bukol na mula sa talampakan ng kaniyang paa hanggang sa kaniyang puyo. 8 At kumuha siya ng isang bibinga ng palyok upang ipangkayod ng langib; at siya'y naupo sa mga abo. 9 Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang asawa sa kaniya, Namamalagi ka pa ba sa iyong pagtatapat? itakuwil mo ang Dios, at mamatay ka. 10 Nguni't sinabi niya sa kaniya, Ikaw ay nagsasalita na gaya ng pagsasalita ng hangal na babae. Ano? tatanggap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Dios, at hindi tayo tatanggap ng masama? Sa lahat ng ito ay hindi nagkasala si Job ng kaniyang mga labi. 11 Nang mabalitaan nga ng tatlong kaibigan ni Job ang lahat na kasamaang ito na sumapit sa kaniya sila'y naparoon bawa't isa na mula sa kanikaniyang sariling pook, si Eliphaz na Temanita, at si Bildad na Suhita, at si Sophar na***

***Naamathita: at sila'y nangagkaiisang loob na magsiparoon upang makidamay sa kaniya at aliwin siya. 12 At nang kanilang itanaw ang kanilang mga mata mula sa malayo, at hindi siya makilala, kanilang inilakas ang kanilang tinig, at nagsiiyak at hinapak ng bawa't isa sa kanila ang kanikaniyang balabal, at nagbuhos ng alabok sa kanilang mga ulo sa dakong langit. 13 Sa gayo'y nangakiumpok sila sa kaniya sa ibabaw ng lupa na pitong araw at pitong gabi, at walang nagsalita sa kaniya: sapagka't kanilang nakita na ang kaniyang paghihirap ay totoong malaki." (Job 2:1-13)*** Sinalakay ng diablo si Job. Ipinahintulot sa kanya na gawin iyon. Nawala sa kanya ang lahat ng mayroon siya maging ang kanyang kalusugan ay nawala ngunit iningatan niya ang kanyang katapatan at nagpatuloy na matakot sa Dios at pinaglingkuran Siya. Sinabi ng diablo sa Dios na si Job ay naglilingkod as Kanya dahil siya ay pinagpala ng Dios. Ngunit nang ipinahintulot ng Dios sa diablo na salakayin siya at nawala ang kanyang mga materyal na bagay, si Job ay nagpatuloy na naging tapat sa Dios. Sinabi rin ng diablo sa Dios na kung si Job na ang kanyang kalusugan ay maapektuhan susumpain niya ang Dios, at kaya ipinahintulot ng Dios sa diablo na salakayin ang kanyang kalusugan ngunit si Job ay nagpatuloy na natakot at naglingkod sa Dios. Maging ang kanyang asawa ay sinalakay siya upang yanigin ang kanyang pangako patungo sa Dios, kahit kalaunan ay ang kanyang mga kaibigan ay sinubukang yanigin siya ngunit tumanggi siyang magpadala sa kanila at nagpatuloy na natakot sa Dios at naglingkod sa Kanya hanggang sa huli; hanggang pinanumbalik Siya ng Dios. Walang kamalayan si Job na ang kanyang pinagdaraanan ay isang pagsalakay ng diablo at siya'y nagpatuloy na natakot sa Dios at ang takot na iyon ang nagtanggol sa Kanya at nagtustus sa Kanya hanggang sa panahon na pinagpala siyang muli ng Dios gaya ng mababasa natin dito: ***"10 At inalis ng Panginoon ang pagkabihag ni Job, nang kaniyang idalangin ang kaniyang mga kaibigan; at binigyan ng Panginoon si Job na makalawa ang higit ng dami kay sa tinatangkilik niya ng dati. 11 Nang magkagayo'y nagsiparoon sa kaniya ang lahat niyang mga kapatid na lalake at babae, at lahat na naging kakilala niya ng una, at nagsikain ng tinapay na kasalo niya sa kaniyang bahay; at nakipagdamdam sa kaniya, at inaliw siya tungkol sa lahat na kasamaan na pinasapit sa kaniya ng Panginoon: bawa't tao nama'y nagbigay sa kaniya ng isang putol na salapi, at bawa't isa'y ng isang singsing na ginto.12 Sa gayo'y pinagpala ng Panginoon, ang huling wakas ni Job na higit kay sa kaniyang pasimula: at siya'y nagkaroon ng labing apat na libong tupa, at anim na libong kamelyo, at isang libong tuwang na baka, at isang libong asnong babae." (Job 42:10-12)*** * Sa parehong paraan, ang iyong katapatan sa pagkatakot sa Dios at sa pag iingat ng iyong pangako patungo sa Kanya maging sa panahon ng mga pakikibaka, kapag ang diablo ay sinalakay ka ay ligtas na paraan para sa iyo upang lumabas at makabawi at manumbalik mula sa mga pagsalakay ng diablo at tanggaping muli ang mga pagpapala ng Dios gaya ng nangyari kay Job. * Kahit na ikaw ay nasa ilalim ng pagsalakay ng diablo, patuloy na maglingkod sa Dios at ingatan ang iyong pangako at ang iyong ministerio sa Kanya; magtiwala sa Kanya nang ganap, na sa huli'y ililigtas ka Niya mula sa lahat ng mga pagsalakay at tanggapin ang tagumpay kay Cristo Jesus na ating Tagapagligtas at Panginoon.

Gayundin upang matakot sa Dios na nangangahulugang huwag kang manamantala sa iba: Iba't ibang halimbawa sa Salita ng Dios ay ituturo sa atin gaya ng mababasa at mapag bubulay bulay sa susunod na kasulatan.

***A. "14 Huwag ninyong lalaitin ang bingi, ni maglalagay ng katitisuran sa harap ng bulag, kundi katatakutan ninyo ang inyong Dios: ako ang Panginoon." (Levitico 19:14 KJV)*** * Sa mga hindi nakakarinig hindi ka nila maririnig kapag sinumpa mo sila. Kung ikaw ay magsasalita sa likuran ng mga tao ibig sabihin hindi ka natatakot sa Dios. Ikaw ay nagsasalita sa likuran ng mga tao dahil hindi ka nila naririnig. * Gayundin kapag ikaw ay naglagay ng isang kakatisuran sa harapan ng bulag hindi nila ito makikita at sila'y mahuhulog sa kaguluhan, kapag ikaw ay nandaya sa mga tao at itinago ang mga bagay at impormasyon mula sa kanilang isip at mga mata at ang iyong hangarin ay dayain sila sa gayon hindi ka natatakot sa Dios. Sa mga gumagawa ng gayong mga bagay ay nandadaya at sila'y hindi natatakot sa Dios.

***B. "17 At huwag kayong magdadayaan; kundi matatakot kayo sa inyong Dios: sapagka't ako ang Panginoon ninyong Dios." (Levitico 25:17 KJV) "43 Huwag kang papapanginoon sa kaniya na may kabagsikan; kundi ikaw ay matatakot sa iyong Dios." (Levitico 25:43 KJV)*** Kung ikaw ay nasa isang posisyon at may kapangyarihan huwag gamitin ang iyong katungkulan upang pilitin ang mga tao na gumawa ng mga bagay na labag sa Salita ng Dios o labag sa kalooban ng Dios.

***C. "35 At kung maghirap ang iyong kapatid at manglupaypay sa iyong siping, ay iyo siyang aalalayan na patutuluyin mo, na manunuluyan sa iyong parang taga ibang bayan at nakikipamayan. 36 Huwag kang kukuha sa kaniya ng patubo o pakinabang, kundi matakot ka sa iyong Dios: patuluyin mo ang iyong kapatid." (Levitico 25:35-36 KJV) "9 Sinabi ko rin, Ang bagay na inyong ginagawa ay hindi mabuti: hindi ba kayo marapat magsilakad sa takot sa ating Dios, dahil sa pagdusta ng mga bansa, na ating mga kaaway? 10 At ako'y gayon din, ang aking mga kapatid at ang aking mga lingkod ay nangutang sa kanila ng salapi at trigo. Isinasamo ko sa inyo na ating iwan ang patubong ito. 11 Isinasamo ko sa inyo, na isauli ninyo sa kanila, sa araw ding ito, ang kanilang mga bukid, at ang kanilang mga ubasan, ang kanilang mga olibohan, at ang kanilang mga bahay, gayon din ang ikasangdaang bahagi ng salapi, at ng trigo, ng alak, at ng langis, na inyong hinihingi sa kanila." (Nehemias 5:9-11 KJV)*** Kung ang mga tao ay humihingi ng tulong sa iyo

upang manguntang ng pera, lalo na kung sila'y mananampalataya, huwag kang kukuha ng tubo, Sa mga kumukuha ng tubo sila'y hindi natatakot sa Dios.

Huwag maakit sa iba na gumagawa ng masama dahil sila'y hindi natatakot sa Dios; ngunit ikaw ay natatakot sa Dios dahil ito ay makakabuti sa iyo gaya ng mababasa natin dito: ***"12 Bagaman ang makasalanan ay gumawa ng kasamaan na makaisang daan, at humaba ang kaniyang buhay, gayon ma'y tunay, na talastas ko, na ikabubuti nilang nangatatakot sa Dios, na nangatatakot sa harap niya:" (Mangangaral 8:12 KJV)*** Kailangan mong ding magsisi kaagad at huwag maging matigas ang ulo at paantalain ang iyong gawa ng pagsunod: ***"1 Yamang taglay natin ang mga pangakong ito, mga minamahal, ay magsipaglinis tayo sa lahat ng karumihan ng laman at ng espiritu, na pakasakdalin ang kabanalan sa takot sa Dios." (2 Corinto 7:1 KJV)*** Ikaw ay may pananagutan upang linisin ang iyong sarili mula sa lahat ng mga kasalanan at karumihan

***"32 Titindig kayo sa harap ng may uban at igagalang ninyo ang mukha ng matanda, at katatakutan ninyo ang inyong Dios: ako ang Panginoon." (Levitico 19:32 KJV)*** Upang tumayo sa harapan ng matatanda at ang mga nasa katandaan na may maputi nang buhok, ang kahulugan nito, ay matakot sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa turo na natatanggap mo mula sa mga nakatatanda sa iyo sa Panginoon. Ang mga matatandang iyon ay nagturo ng maraming henerasyon at kailangang igalang at igalang sa pamamagitan ng pagsunod sa turo ng Panginoon na ibinibigay nila. Tinawag ka ng Diyos upang igalang ang matatanda na nagturo sa iyo ng Salita ng Diyos at nagturo sa iyo ng mga utos ng Dios. Ngayon makikita natin ang kabaligtaran, ang mga anak ang uupo at ang mga magulang at ang matatanda ang tatayo. Iyon ay napakamali at hindi dapat kumilos ang mga anak sa ganyan at hindi nila dapat utusan ang mga magulang, ngunit kailangan nilang tumayo sa harap ng mga matatanda at ng kanilang mga magulang at makinig at sumunod sa kanilang mga tagubilin. Pinagsikapan ng mga magulang at matatanda ang gayong kasamaan na hindi dapat mangyari. * Mga magulang at matatanda, makinig, huwag pahintulutan ang gayon. * Mga anak matakot sa Dios at igalang ang iyong mga magulang na nagtuturo sa iyo ng Salita ng Dios at dinidisiplina ka ayon sa Kanyang kalooban at sumunod sa kanila ng maayos.

Ang magulang habang tinuturuan at inuutusan nila ang mga anak ng Salita ng Dios, ang kautusan ng Dios ay hinihingi sa kanilang mga anak ang mga sumusunod: Habang tinuturuan at pinapayuhan natin ang ating mga anak ng Salita ng Dios hinihingi sa kanila ang sumusunod: Makinig kayong lahat na mga anak na tumatanggap ng mga tagubilin mula sa Salita ng Dios sa pamamagitan ng iyong mga magulang hinihingi mula sa iyo ng Dios na gawin ang mga sumusunod: ***"3 Matatakot ang bawa't isa sa inyo, sa kaniyang ina at sa kaniyang ama, at ipangingilin ninyo ang aking mga sabbath: ako ang Panginoon ninyong Dios." (Levitico 19:3 KJV)*** * Ang mga magulang na nagtuturo ng Salita ng Dios, hindi kailangan na igalang lamang kundi upang katakutan dahil sila ang nagbibigay ng Salita ng Dios sa kanilang mga anak. * Hiniling din ng Diyos na sundin ang araw ng Sabbath, ang araw kung saan tayo ay nagtitipon upang sambahin ang Diyos at pakinggan ang Kanyang Salita mula sa mga guro ng Diyos sa simbahan.

Ang pagkatakot sa Dios ay magkakatotoo kapag tayo'y nakinig at nagpasakop sa isa't isa ayon sa katuruan ng Salita ng Dios, ***"21 Na pasakop kayo sa isa't isa sa takot kay Cristo." (Epeso 5:21 KJV)*** Hindi mahalaga kung sino ang taong nagsasabi nito basta't Salita ng Diyos.

* Upang ihandog ang ating mga anak sa Dios at disiplinahin sila sa mga daan ng Dios ay nagpapakita na tayo'y natatakot sa Dios. * Ang mga magulang ay dapat sumang ayon sa isa't isa upang disiplinahin ang kanilang mga anak. Kailangang may mga patakaran at paghihigpit sa kapaligiran ng bahay at ilagay sa mga bata na hindi sila dapat tumawid sa mga hangganan o tiyak na limitasyon na napagkasunduan at nauna nang ipinaliwanag sa mga bata.

Nang hiniling ng Dios kay Abraham na ihandog ang kanyang kaisa-isang anak na si Isaac sa Kanya gaya ng mababasa mo, ***"1 At dumalaw ang Panginoon kay Sara, ayon sa sinabi niya, at ginawa ng Panginoon kay Sara ang ayon sa kaniyang sinalita. 2 At si Sara ay naglihi at nagkaanak ng isang lalake kay Abraham sa kaniyang katandaan, sa tadhanang panahong sinabi ng Dios sa kaniya. 3 At tinawag na Isaac ni Abraham ang ngalan ng kaniyang anak na ipinanganak sa kaniya, na siyang ipinanganak ni Sara. 4 At tinuli ni Abraham si Isaac ng magkaroon ng walong araw gaya ng iniutos ng Dios sa kaniya. 5 At si Abraham ay may isang daang taon, nang sa kaniya'y ipanganak si Isaac na kaniyang anak. 6 At sinabi ni Sara, Pinatawa ako ng Dios, sinomang makarinig ay makikitawa. 7 At sinabi niya, Sinong nakapagsabi kay Abraham na si Sara ay magpapasuso ng anak? sapagka't ako'y nagkaanak sa kaniya ng isang lalake sa kaniyang katandaan. 8 At lumaki ang sanggol, at inihiwalay sa suso; at nagpiging ng malaki si Abraham ng araw na ihiwalay sa suso si Isaac. 9 At nakita ni Sara ang anak ni Agar na taga Egipto, na ito'y nagkaanak kay Abraham, na tumutuya sa kaniya. 10 Kaya't sinabi niya kay Abraham, Palayasin mo ang aliping ito at ang kaniyang anak: sapagka't hindi magmamana ang anak ng aliping ito na kahati ng aking anak, sa makatuwid baga'y ni Isaac." (Genesis 22:1-10 KJV)*** Si Abraham ay sumunod at hindi ipinagkait ang kanyang anak na si Isaac mula sa Dios, hanggang sa punto na handa niyang igapos ang kanyang anak sa kahoy upang patayin siya. Nang hindi

ipinagkait ni Abraham ang kanyang sariling anak mula sa Dios, batid ng Panginoon na si Abraham ay natatakot sa Dios, ***"11 At ang bagay na ito ay naging lubhang mabigat sa paningin ni Abraham dahil sa kaniyang anak. 12 At sinabi ng Dios kay Abraham, Huwag mong mabigatin ito sa iyong paningin dahil sa iyong alipin; sa lahat na sabihin sa iyo ni Sara, ay makinig ka sa kaniyang tinig, sapagka't kay Isaac tatawagin ang iyong lahi." (Genesis 22:11-12 KJV)*** Ang mga magulang ay dapat matakot sa Dios sa pagpapakita na sila'y sumusunod sa kautusan ng Dios nang higit sa kanilang pagibig sa kanilang mga anak. Maraming mga magulang na higit ang kanilang pagibig sa kanilang mga anak kaysa sa Dios at sa Kanyang Salita. Handa nilang baliin at suwayin ang Salita ng Dios ngunit ayaw nilang disiplinahin ang kanilang mga anak at ibahagi sa kanila ang takot sa Dios. Kahit na sila'y sumuway sa kautusan at kalooban ng Dios upang huwag disiplinahin at ituwid at payukuin ang kanilang mga anak. Maraming mga bata ang sunod sa layaw at sila'y nagiging masama, tamad, matakaw, immoral at manginginom dahil ang kanilang mga magulang ay hindi nasunod sa Salita ng Dios na nagtuturo upang disiplinahin ang mga anak. Ilagay mo rin sa iyong isipan kapag binali mo ang Salita ng Dios dahil ayaw mong disiplinahin ang iyong mga anak na lalaki at babae sa gayon tiyak hindi pagpapalain ng Dios ang iyong anak at ang iyong pagsuway sa gayon patungkol ay hindi magbabahagi ng kasaganaan at ang katagumpayan na ipinangako sa mga magbubulay at susunod sa Kanyang Salita araw at gabi gaya ng mababasa natin dito. ***"Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig, kundi iyong pagbubulayan araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan." (Joshue 1:8 KJV)***

Ang mga natatakot sa Diyos ay bibigyan nila ng mga tagapakinig at tutugon sa tawag ng Diyos na maglingkod sa Kanya. Iyon ay kung paanong tinawag ni Apostol Pablo ang mga Israelita; yaong mga kabilang sa kanila na natatakot sa Diyos na ibigay ang kanilang pakinig sa pagtawag ng Diyos sa kanilang buhay tulad ng mababasa natin dito, ***"16 At nagtindig si Pablo, at ang kamay ay ikinikiya na nagsabi, Mga lalaking taga Israel, at kayong nangatatakot sa Dios, magsipakinig kayo." (Mga Gawa 13:16 KJV)*** Ang iyong pagtugon sa tawag ng Dio at iyong kagustuhan na ilagay ang iyong mga kamay sa ministerio ng Dios ay isang pagkilala na ikaw ay natatakot sa Dios at pinahalagahan ang pagkatawag na ito sa iyo upang maglingkod sa Kanya. Kailangan ng Dios ng mga manggagawa upang maglingkod sa Dios. Sapagkat maraming gawain na kailangang matapos.

Sa aklat ng Haggai mababasa natin, ***"12 Nang magkagayo'y si Zorobabel na anak ni Sealtiel, at si Josue na anak ni Josadac, na pangulong saserdote, sangpu ng buong nalabi sa bayan, nagsitalima sa tinig ng Panginoon nilang Dios, at sa mga salita ni Hagai na propeta, na siyang sinugo ng Panginoon nilang Dios; at ang bayan ay natakot sa harap ng Panginoon." (Haggai 1:12 KJV)*** Tinawag ng Dios ang Kanyang bayan upang paglingkuran Siya. Ang Kanyang mensahe sa kanila sa pamamagitan ng propetang si Haggai ay para sa kanila ay aktibong makibahagi sa pagtatayo sa templo ng Dios. Ang mga natatakot sa Diyos ay tutugon sila upang aktibong makibahagi sa ministeryo, at dahil dito sila ay gagantimpalaan. Alam nila na hindi nila ito ginagawa para sa tao ngunit ginagawa nila ito sa Diyos, kaya sineseryoso nila ito.

Habang ikaw ay natatakot sa Dios at sinimulan mong paglingkuran Siya, gagantimpalaan ka ng Dios gaya ng mababasa natin sa talatang ito ng Kasulatan: ***"16 Nang magkagayo'y silang nangatatakot sa Panginoon ay nagsangusapan: at pinakinggan ng Panginoon, at dininig, at isang aklat ng alaala ay nasulat sa harap niya, para sa kanila na nangatakot sa Panginoon, at gumunita ng kaniyang pangalan. 17 At sila'y magiging akin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, sa araw na aking gawin, sa makatuwid baga'y isang tanging kayamanan; at akin silang kaaawaan, na gaya ng isang tao na naaawa sa kaniyang anak na naglilingkod sa kaniya. 18 Kung magkagayo'y manunumbalik kayo at makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod sa kaniya." (Malakias 3:16-18 KJV)*** Ayon sa Salita ng Dios dito habang tayo't natatakot sa Dios at naglilingkod sa Kanya tatanggapin natin ang sumusunod:

- Tayo'y magiging mahalagang pag- aari ng Dios.
- Maliligtas tayo sa mga problema at ililigtas tayo ng Diyos bilang Kanyang sariling mga anak na naglilingkod sa Kanya.
- May kaibahan tayo sa mga pagpapala ng Dios sa masasama at sa mga hindi naglilingkod sa Dios.

***Sa aking mahal at minamahal: "6 Ang mga ito'y ang hindi nangahawa sa mga babae; sapagka't sila'y mga malilinis. At ang mga ito'y ang nagsisisunod sa Cordero saan man siya pumaroon. Ang mga ito'y ang binili sa gitna ng mga tao, na maging mga pangunahing bunga sa Dios at sa Cordero. 5 At sa kanikaniyang bibig ay walang nasumpungang kasinungalingan: sila'y mga walang dungis. 6 At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa at angkan at wika at bayan; 7 At sinasabi niya ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig." (Pahayag 14:6-7 KJV)*** Ang mensahe ng evangelio ay matakot sa Dios; at dalangin ko habang ikaw ay nakikinig, nagbabasa at nagbubulay bulay ng mensahe, ang Salita ng Dios ang matatatag sa iyo sa pagkatakot sa

Dios na tutulong sa iyo upang sumunod sa Kanya, pagsunod sa Kanyang kalooban at patuloy na paglingkuran Siya.

*Tayo ay manalangin.*

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus namatay para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa lahat ng aking bagong natutunan ngayon sa iyong Salita. Panginoon salamat sa pagbubukas ng aking isipan at ng aking mga mata tungkol sa bagong mga bagay sa iyong Salit at tungkol sa iyong mga daan na nais mong ipatupad sa aking buhay at maging masigasig na matakot sa iyo sa lahat ng aspeto na aming napag aralan sa mensaheng ito.*

*Ipahayag at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang kasalanan ng hindi pakikinig sa Salita ng Dios at kawalan ng paglilingkod, kawalan ng paggawa ng ministerio, at kawalan ng pangako sa Dios, Talikuran ang kasalanan ng kawalan ng paggalang sa matatanda at sa iyong mga magulang na nagtuturo sa iyo ng Salita ng Dios. Talikuran ang kasalanan ng hindi pagdidisiplina sa iyong sariling mga anak, at ang iyong pagibig sa kanila nang higit sa iyong pagibig sa Dios at sa Kanyang Salita. Talikuran ang kasalanan ng pagsasallita sa likuran ng mga tao at pananamantala sa mga mahihina. Talikuran ang kasalanan ng pagpapatubo at iyong walang kagustuhang tulungan ang mga dukha at nangangailangan. Talikuran ang kasalanan ng iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios habang ikaw ay dumadaan sa mga pagsunok. Panginoon ipinagtapat at tinalikdan ko ang mga sumusunod na kasalanan ___________________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na mamuhay ayon sa iyong pagtawag. Panginoon ipinanagko ko ang aking sarili na tumugon sa Salita ng Dios at simulang maglingkkod sa iyo at gawin ang ministerio. Panginoon itatag mo sa akin ang pagkatakot sa iyo na gawin akong maging masunurin at mabunga sa aking buhay at paglilingkod sa iyo. Panginoon ipaalaala mo sa akin ang Kasulatang ito at tulungan akong isagawa ang mga ito. Kailangan ko ang iyong pagibig, pag alalay at biyaya sa paggawa nito. Panginoon tulungan mo ako at gabayan ako kung paanong disiplinahin ang aking mga anak.*

*Panginoon tulungan ako at gabayan ako na makawala sa mga sumusunod na mga pagsubok at kahirapan na inilagay ng diablo sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid at kapatid na babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay na mabuhay para sa iyo. Panginoon tulungan mo sila sa kanilang buhay at turuan sila at gabayan sula na pangasiwaan ang kanilang pamilya at disiplinahin ang kanilang mga anak. Panginoon protektahan sila at iligtas sila mula sa mga pagsubok at ang gawa ng diablo na nakikipagbaka sa kanila. Diablo sinasaway kita sa pangalan ni Jesus, lumayo ka kasama ng lahat ng mga demonyong kasama mo sa pangalan ni Jesus, Amen. Panginoon pagkalooban sila at tulungan sila sa kanilang buhay at ilabas sila nang maayos mula sa kanilang mga pagsubok at sa mga kaguluhan na sila'y nakapaloob. Panginoon patuloy kaming nanalangin na ipagkaloob ang pagsisisi sa iba at itatag sa kanilang puso ang pagkatakot sa iyo upang sila'y bumalik sa iyo at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon kami'y nanalangin na patuloy mong ipagkakaloob ang pagkatakot sa iyo sa aming buhay bilang iyong simbahan, na ipapatupad naming lahat ang aming natutunan mula sa iyong Salita. Panginoon tustusan kami habang itinuturo at dinidisiplina ang lahat ng aming mga anak at alagad. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan naming pumaroon at maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain. Panginoon pangunahan kami na mag evangelio at abutin ang bagong mga tao ng evangelio ni Jesus. Panginoon tulungan kami na gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa upang magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ngg Buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 8. Ang higit pang Pagkatakot sa Dios. Deuteronomio 10:12. Job 1:1-3, 6-22. Job 2:1-13. Job 42:10-12. Levitico 19:14. Levitico 25:17. Levitico 25:43. Levitico 25:35-36. Nehemias 5:9-11. Eclesiastes 8:12. 2 Corinto 7:1. Levitico 19:32. Levitico 19:3. Efeso 5:21. Genesis 22:1-12. Josue 1:8. Mga Gawa 13:16. Hagai 1:12. Malakias 3:16-18. Pahayag 14:6-7.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com